**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 16, 137-154




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# G-Workbuk: Materyal sa pagpapaunlad ng kasanayan sa gramatikang Filipino

Gegajo, Jennifer H. ✉
*Sorsogon State University, Philippines (jnngegajo.25@gmail.com)*
Deyto, Nilda H.
*Sorsogon State University, Philippines (deytonilda@gmail.com)*

**Received**: 11 October 2025 **Revised**: 30 October 2025 **Accepted**: 31 October 2025
**Available Online**: 1 November 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25297

***Abstract***

Natiyak sa pag-aaral na ito ang kadalasang pagkakamali ng mag-aaral sa gramatikang Filipino. Ginamitan ng disenyong debelopmental ang pananaliksik na ito. Ang mga kalahok ay ang mga mag-aaral mula sa ika-11 baitang ng General Academic Strand ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Cumadcad at mga dalubgurong nagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang pinagkunan ng datos ay isang kalipunan o portfolio ng naisulat na sanaysay ng mga mag-aaral. Ginamit ang korpus-analisis – error analisis sa pag-analisa ng datos, frequency count at LRMDS para sa materyal ang resulta ng datos. Natuklasan na maraming pagkakamali ang mga mag-aaral sa kasanayang gramatikang Filipino sa kadahilanang hindi sapat ang kaalaman at kakayahan sa paggamit ng mga ito. Ang nabuong materyal sa pagpapaunlad ng kasanayang gramatikang Filipino ay kakikitaan ng mga bahaging tulad ng pabalat, paunang salita, talaan ng nilalaman, aralin at mga pagsasanay, susi ng pagwawasto at talasanggunian. Lahat ng bahagi ng gabay-materyal ay may ebalwasyong katanggap-tanggap ayon sa pagmamarka ng eskperto. Ang ilan sa mga bahagi ng materyal ay dapat na rebisahin at ayusin. Inirerekomenda na pag-igtingin pa ang pagsasanay sa kasanayang gramatikang Filipino. Ang gabay-materyal ay may kapakinabangan sa pagkatuto ng mag-aaral at pagtuturo ng mga guro. Ipagamit sa mga mag-aaral ang nabuong materyal upang higit pa itong makatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan at kaalamang panggramatika sa asignaturang Filipino. Magsagawa pa ng ibang pag-aaral na may kaugnayan sa kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino.

***Keywords:*** asignatura, G-worbuk, gramatika, kasanayan, materyal

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# G-Workbuk: Materyal sa pagpapaunlad ng kasanayan sa gramatikang Filipino

## 1. Introduksyon

Sa larangan ng pagtuturo, ang mga guro ang may pinakamahalagang responsibilidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kakayahan ng guro sa pagtuturo ay makikita sa mga estratehiya, teknik at kagamitang pampagtuturo na masusing tinatasa ang kaangkupan at kabisaan sa bawat aralin na siyang tumutuklas sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang guro ang siyang pinakainstrumento upang mapaunlad ang kakayahan ng mag-aaral sa wika at pakikipagkomunikasyon. Ayon kay Constantino (2004) ang wika ay hindi lamang simpleng daluyan ng komunikasyon, kundi isang makapangyarihang kasangkapan sa paghubog ng kamalayan, kaisipan at pagkatao ng bawat indibidwal. Ayon naman kay Gleason (1961) binigyan niya ng kahulugan ang wika ay masistemang binubuo ng mga tunog na ginagamit ng mga tao sa isang lipunan upang magkaunawaan. Ayon naman sa pag-aaral nina Resuello at Funclara (2021) na ang pagtuturo ng mga tuntunin ng wika ay tungo sa malinaw at maayos na pagsusulat. Ang wika ay sistema ng komunikasyon na ginagamit sa pang-araw-araw na pakikisalamuha sa iba na may layong magpahayag ng saloobin at magbigay ng mga kahulugan sa mga simbolo o mga ideya. Sa pagkatuto ng isang bata sa kanilang katutubong wika ay kinakailangan ang masusing pag-unawa sa gramatika upang magkaroon ng epektibong komunikasyon lalo na sa mga sulatin na ginagamitan ng komprehensiyon (Rossitter, 2021; Cetinkaya, F. Tilgfarlioglu, 2020).

Sa pagpapaliwanag ni Manaol (2014), ang gramatika ang tawag sa agham na tumatalakay sa mga salita at kanilang ugnayan. Ito ang nagsisilbing kaayusan ng salita o sa pagbuo ng mga pangungusap at organisasyon ng mga ideya. Ang wastong pagkakasunod-sunod ang gampanin ng gramatika sa pangungusap. Ito ang nagbibigay diin sa tamang pagpapakahulugan sa bawat ideya. Ayon kay Gannaban (2013) kadalasang sinasaklaw ng gramatika ang mga tuntunin sa palabuuan o palaugnayan ng alinmang wika, pasulat man ito o pasalita. Binibigyang-diin sa gramatika ang wastong gamit ng mga salita upang mabuo ang pangungusap at makapagbigay ng diwa o kaisipan. Sa pagsusuri sa kakayahang panglingguwistika ng mga mag-aaral ay higit na nangangailangan ng pagsasaalang-alang ng konsepto ng ponolohiya, morpolohiya at sintaks. Ayon kay Lachica (1999) at Huerta et. al (2013) na nagsasabing mahalaga ang gramatika sa pagpapahayag ng ideya at pagsulat dahil sa nakabubuo sila ng malawak at wastong pangungusap na nakapagdudulot ng malinaw at mahusay na sulatin. Napatunayan sa pag-aaral ni Hyati et. al (2015) na may malaking kontribusyon ang kakayahang panggramatika sa pagsasalita ng mag-aaral.

Sa pag-aaral ni Misa (2021) na may pamagat na Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade 9 ng Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University ay lumabas na may kahirapan ang mga mag-aaral sa pagpili ng wastong salita, wastong gamit ng salita, ayos, kayarian at pagbuo ng pangungusap, mekaniks at lohikal na organisasyon. Ipinakita sa kanyang pag-aaral na ang mga ito ay ilan sa mga kahirapan na nararanasan ng mag-aaral sa usaping gramatika. Ayon naman sa pag-aaral ni Payangdo (2024) ipinakita sa resulta na ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa mga uri ng pangngalan ayon sa konsepto at kaukulan gayundin sa pokus at kaganapan ng pandiwa. Nangangahulugan na ang pagkakaroon ng kasanayan sa gramatika ay napakahalaga sapagkat ito ang nagiging lunsaran sa paghahatid ng tiyak at makahulugang ideya. Karamihan ay may kanya-kanyang kahirapan sa gramatika na higit na dapat pagtuunan ng pansin mula sa pinakamaliit na aspekto patungo sa mas pinalawak na usaping gramatika.

Ayon sa DepEd Curriculum Guide (2016) nararapat na maging inobatibo ang guro at sumabay sa pag-usbong ng makabagong paraan ng pagkatuto. Isa sa kinakailangang gawan ng inobasyon ay ang pagtuturo ng gramatika. Pokus ng kasalukuyang kurikulum na makatugon sa pangunahing layunin ng pag-aaral ng Filipino ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Sa kasalukuyan ay itinuturo ng mga guro sa Filipino ang gramatika alinsunod sa nakasaad sa Most Essential Learning Competencies o MELCs gamit ang "learning activity sheets", Pivot Module at iba pang mga mag-aaral sa ginagamit na kagamitang panturo mas mainam na maging malikhain, mapamaraan at maging inobatibo ang guro upang makaagapay sa kasalukuyang

kalagayang pang-edukasyon at matugunan ang kakulangan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng gramatika. Isinaad ni Zulueta (2006) na ang modyul ay isa sa pinakakilalang katanggap-tanggap na kagamitang panturo. Ito ay isang inobasyon na tanyag sa mga maunlad at umuunlad na bansa. Tinukoy ito bilang isa sa mga pagkakataon sa pag-aaral na sistematikong inorganisa sa paligid ng isang mahusay na tinukoy na paksa na naglalaman ng mga elemento ng mga partikular na layunin sa pagtuturo ng mga aktibidad sa pagtuturo ng mga aktibidad sa pagtuturo at ang pagsusuri gamit ang mga *criterion reference measures.*

Sa kabila ng kapakinabangan ng paggamit ng teknolohiya katulad ng *smartphones* ayon kay Tanli at Yong (2020), kakikitaan ito ng negatibong epekto sa memorya sa pagkatuto at pagbabalik-tanaw sa mga aralin. Bilang karagdagan, ang kakulangan sa pisikal na klase at binibigyang-pokus ng disertasyon ni Deborah (2019) na inilahad na ang labing-anim na mahalagang elemento ng komunikasyon sa pagsulat ng mga saknong sa tamang gramatika ay epektibo para sa mga mag-aaral sa tradisyon na klase at *online students.* Ngunit kakikitaan pa rin ng kahirapan sa pagkatuto ang mga mag-aaral sa online na klase batay sa kanilang pagsulat bilang komunikasyon. Sa pag-aaral nabatid na maganda ang dulot ng pagsasanay sa pagsulat ng konseptong papel ng mga mag-aaral at nakita na mas napaunlad ng mag-aaral ang kanilang kasanayan sa gramatika sa pamamagitan ng pagsasanay (Anciente, 2019).

Ang kahinaan sa pagkatuto ay dapat na mabigyan ng pansin at ang bawat kakulangan sa pagkatuto ay dapat na mapunan (DepEd, 2005). Binanggit naman ni De Leon (2002) sa kanyang aklat na tungkulin ng estado na pangalagaan at itaguyod ang karapatan sa mahusay na edukasyon at bigyan ng solusyon ang suliranin sa mababang uri ng pasilidad o kagamitan at paglilingkod sa paaralan. Ilan sa mga ibinilang niya sa mga suliraning ito ang malaking bilang ng mga mag-aaral sa bawat klasrum, mga gurong walang sapat na kasanayan, sub-istandard na mga aklatan, laboratoryo at binanggit din niya ang kakulangan sa tekbsuk at kagamitang panturo. Ang pagtuturo sa kabila ng mga kawalan ng sapat na kagamitan ay maituturing na malaking hamon sa mga guro. Sa katunayan, ang pagkakaroon o kawalan nito ay makakaapekto sa kabisaan ng pagtuturo. Gayundin, ipinalabas ang Kautusang Pangkagawaran Blg. 8 s. 2015 na ang mag-aaral na palagiang nakakukuha ng mababang marka. Sa pag-aaral ni Gilana (2023) na nagsagawa ng pag-aaral ukol sa paggamit ng self-directed learning modules ngunit ang kanyang pananaliksik ay naging lunduyan niya upang mabuong e-materyal sa pagtuturo ng gramatikang Filipino. Ito ay isa sa mabisang kagamitan na nabuo na higit na nakatulong sa pagpapaunlad ng kakayahang gramatika ng mga mag-aaral. Ito rin ang nag-udyok sa mananaliksik na magsagawa ng kagamitang pampagtuturo upang mas makatulong pa sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino.

***Layunin -*** Layunin ng pag-aaral na makabuo ng G-Workbuk: Materyal sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Gramatikang Filipino ang pagkatuto ng mag-aaral sa Senior High School. Sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod: 1) matukoy ang kadalasang pagkakamali sa gramatikang Filipino 2) makabuo ng materyal na magagamit sa pagpapaunlad ng kasanayan sa gramatikang Filipino 3) matukoy kung gaano kabalido ang nabuong materyal 4) mapagyamang lalo ang materyal sa gramatikang Filipino.

## 2. Metodolohiya

Ginamitan ng disenyong debelopmental ang pananaliksik. Ang mga kalahok ay ang 27 mag-aaral sa Baitang 11 ng General Academic Strand Block B. Kasabay rin sa pag-aaral na ito ang limang (5) dalubgurong mula sa iba't ibang paaralan ng Sorsogon at may walo (8) pataas nang taong serbisyo sa pagtuturo, dalubhasa sa asignaturang Filipino at may posisyong *Master Teacher.* Purposive sampling ang ginamit na paraan sa pagpili ng mga kalahok. Tiniyak sa pag-aaral na ito ang pagiging anonymity ng mga naging kalahok, may informed consent form para sa paggamit ng mga sanaysay na sinulat at maging ang larawan mag-aaral na ginamit sa pabalat ng nabuong materyal ay boluntaryo. Pinagkunan ng datos ang kalipunan o *portfolio* ng mga sanaysay na mayroon 27 sanaysay na naglalaman ng tatlong bahagi: panimula, gitna at wakas. Ginamit din ang draw lots sa pagpili ng seksyon para sa kalipunan na pagbabatayan ng mga sanaysay. Ginamit ang korpus analisis – error analisis upang analisahin ang datos at matukoy ang bilang ng beses na nangyayari ang mga kadalasang kamalian sa isinulat na sanaysay. Ginamit din ang Learning Resource Management and Development System (LRMDS) para sa ebalwasyon sa nilalaman, pormat, presentasyon at kaayusan, kawastuhan at kasalukuyan ang impormasyon. Ang

iskala sa bawat indikaytors ay tinukoy gamit ang mean o average. Ang mean iskor sa bawat indikaytor ay binibigyang-kahulugan gamit ang 4-Point Likert Scale. Sa pagtataya ng kalidad ng nilalaman, pormat, presentasyon, kaayusan, kawastuhan, at napapanahong impormasyon ng isang output, ginamit ang isang pamantayang iskalang may apat na antas. Ang iskalang 3.50–4.00 ay nangangahulugang *Lubos na Katanggap-tanggap (LK)*, 2.50–3.49 ay *Katanggap-tanggap (K)*, 1.50–2.49 ay *Bahagyang Katanggap-tanggap (BK)*, at 1.00–1.49 ay *Hindi Katanggap-tanggap (HK)*.

Bukod dito, ginamit din ang hiwalay na iskala upang matukoy ang antas ng kawastuhan at pagiging napapanahon ng impormasyon. Ang saklaw na 3.50–4.00 ay tumutukoy sa *Walang Mali (WM)*, 2.50–3.49 naman ay *May Mali Ngunit Kakaunti at Kailangang Ayusin (MKA)*, 1.50–2.49 ay *May Mali at Nangangailangan ng Malaking Pagsasaayos Muli (MMA)*, at 1.00–1.49 ay nangangahulugang *Palitan at Ayusin, Huwag Nang Suriin (P)*. Sa pamamagitan ng mga iskala na ito, naging sistematiko at obhetibo ang proseso ng pagtataya sa kalidad at katumpakan ng mga nilalaman ng pag-aaral. Ang puntos na kinakailangang makuha upang matukoy kung balido ang ginawang gabay sa ebalwasyon sa printed na kagamitan ay ang mga sumusunod: *Nilalaman,* kinakailangang makakuha ng hindi bababa sa 21 puntos sa 28 puntos para pumasa. *Pormat,* kinakailangang makakuha ng hindi bababa sa 54 puntos sa 72 puntos para pumasa. *Presentasyon at Kaayusan,* kinakailangan makakuha ng hindi bababa sa 15 puntos sa 20 puntos para pumasa. *Kawastuhan at Kasalukuyang Impormasyon,* kinakailangang makakuha ng 15 puntos sa 20 para pumasa.

## 3. Natuklasan

***Kadalasang Pagkakamali ng Mag-aaral sa Gramatikang Filipino -*** Mula sa 27 sanaysay ng mga mag-aaral sa Baitang 11 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Cumadcad ang pinagkunan ng datos sa mga kadalasang pagkakamali sa gramatikang Filipino. Ang mga pagkakamali ay hinati sa tatlong antas: 1) Antas ng Salita 2) Antas ng Parirala at 3) Antas ng Pangungusap. Sa naging resulta, natukoy na ang mga mag-aaral ay karaniwang nagkakamali sa pagbabaybay, paghahati ng salita at pagdadaglat sa antas ng salita.

**Talahanayan 1**

*Kadalasang Pagkakamali sa Gramatikang Filipino sa Antas ng Salita*

| Kamalian sa Antas ng Salita | F |
|---|---|
| Pagbabaybay | 87 |
| Paghahati ng Salita | 25 |
| Pagdadaglat | 3 |

*Pagbabaybay.* Sa naging resulta, karamihan sa mga mag-aaral ay karaniwang nagkakamali sa pagbabaybay. Ilan sa mga pagkakamaling ito ay ang pagpapalitan ng "e" at "I", "o" at "u", tuntunin sa paggamit ng "r" at "d" (din/rin at dito/rito), gayundin ang paggamit ng katagang nang/ng. ang kamalian sa pagpapalitan ng "e" at "i". Halimbawa na lamang nito ang isa sa mga sulatin ng mag-aaral na ginamit ang salitang "empluwensya" sa halip na "impluwensya" at ang salitang "istado" sa halip na "estado". Kadalasan ang mga mag-aaral ay nakakamit ng ganitong kamalian lulan ng kung paano nila ito bigkasin sa araw-araw nilang pakikipagtalastasan kaya naman nailalapat nila ito sa kung paano nila isinusulat.

Ayon kay Santos (1940) sa kanyang Balarila ng Wikang Pambansa ang tuntunin na "kung anong bigkas, siyang baybay" na pangunahing prinsipyo ng kanyang Abakada-batay na ortograpiya. Ipinaliwanag din niya na nagkakaroon ng kamalian sa "e" at "i" dahil sa pagkakapareho ng tunog nito at bunsod na rin ng maraming katutubong wika sa Pilipinas tulad ng Ibanag, Cebuano at Ilocano na malabo o halos magkatulad ang bigkas ng /e/ at /i/. Dagdag niya pa na kapag nasanay ang mga mag-aaral sa prinsipyong ito ay maaaring malito kapag ang bigkas ay hindi akma sa *standard spelling.* Nabanggit din sa pag-aaral ni Catabui (1969) ang pagtukoy niya sa panghihimasok (interference) mula sa unang wikang Ibanag kung saan madalas napagpapalit ng mag-aaral ang letrang "i" at "e" gayundin ang "o" at "u" sa pagsulat ng Filipino dahil sa pagkakaiba sa ponetika ng dalawang wika. Ang kamaliang ganito ay resulta ng *mother tongue interference* na nagpapakita ng interlanguage phenomenon kung saan ang unang wika ay lumilipat sa pangalawa.

Kapansin-pansin din ang pagkakamali sa paggamit ng salitang "rin" at "din" sa pangungusap sa mga sulatin ng mag-aaral. Nangangahulugan ito na nangangailangan pang matutunan ng mag-aaral kung kailan ang wastong paggamit ng "rin" at "din" sa pangungusap. Ayon sa isinagawang pag-aaral ni Mallari (2015), natuklasan na pito (7) sa bawat sampu (10) mag-aaral sa junior high school ang gumagamit ng "din" at "rin" nang salit-salit, nang hindi batid ang tamang tuntunin sa ponolohiya. Samantala, sa tesis ni Santos (2019) kung saan ay binigyang-diin ang pangangailangan ng mas pinaigting na pagtuturo sa mga tinatawag na pang-abay na panlinaw tulad ng "din/rin" at "daw/raw" dahil sa ito ay nakakaapekto sa antas ng pagiging pormal at epektibo ng komunikasyon sa Filipino.

Nakamit rin ang pagkakamali ng mag-aaral sa paggamit ng "ng" at "nang". Mababasa sa unang pangungusap ang "Hindi madali magpalaki *nang* bata tingnan nalang natin kung gaano …." kung saan gumamit ng mahabang "nang" sa halip na "ng" dahil sa ang tinutukoy nito ay pangngalan kung saan ang "bata". Samantala sa pangalawang halimbawa ay nakabuo ng pangungusap na "Taon-taon pataas nang pataas ang bilang ng mga kababaihang nabubuntis *ng* maaga". Ipinakita sa pag-aaral ni Delos Santos (2019) na karamihan sa mga mag-aaral ng senior high school ang gumagamit ng "ng" kapalit ng "nang" karaniwan sa mga pangungusap na may layuning ipakita ang dahilan, paraan o oras. Sinasabi sa kanyang pag-aaral na malaking epekto ang social media sa pagkalito ng mga mag-aaral sa dalawang anyo dahil sa laganap na maling pagkakagamit nito online. Dagdag dito ang pag-aaral ni Rivera (2014) na lumabas na resulta na 8 sa 10 mag-aaral sa ika-10 baitang ang nahihirapang gamitin nang tama ang "ng" at "nang" sa mga sanaysay. Sa kanyang pagsusuri ay lumabas na ito ay dahilan ng kakulangan sa masusing talakayan at pagsasanay hinggil sa wastong gamit nito.

Ayon kay Reyes (2018) na madalas nagkakamali ang mag-aaral ay nagmumula sa pagkakaiba ng pasalita at pasulat na anyo ng wika kung saan ay nagbigay siya ng halimbawa ng salitang binibigkas nang buo ngunit isinusulat nang may impit o malumi ay nagiging dahilan ng kalituhan. Dagdag dito ang pag-aaral ni Alvarado (2017) sa isang pampublikong paaralan, lumabas na karamihan sa mga mag-aaral ang may limitadong kaalaman sa tuntunin sa palatitikan at mga panuntunan sa baybay ng wikang Filipino at iminumungkahing mas pag-igtingin ang pagtuturo ng ortograpiyang Filipino sa mga asignaturang Filipino.

*Paghahati ng Salita.* Isa rin sa pagkakamali na karaniwang kamalian ng mag-aaral sa antas ng salita ay ang wastong pagkakahati nito. Karaniwang ihinihiwalay ng mag-aaral ang salitang dapat ay iisang salita lamang. Isang halimbawa na nito ay ang isa sa mga sulatin ng mag-aaral kung saan ang mag-aaral sa kanyang unang pangungusap ay sumulat ng salitang "nag sikalat" sa halip na isang salitang "nagsikalat" at ang salitang "re-cycle" sa halip na "recycle". Ayon sa pag-aaral ni Reyes (2020), nasuri ang epekto ng maling paghahati ng salita sa kalidad ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral sa senior high school kung saan lumabas na ito ay may negatibong epekto sap ag-unawa ng mambabasa at nagpapakita ng kasanayan sa wika kaya naman nagbunsod ito na nangangailangan ng integrasyon ng mga patakaran sa Ortograpiyang Filipino sa mas maraming gawaing pampagsulat.

*Pagdadaglat.* Huli sa mga kamalian ng mag-aaral sa antas ng salita ang pagdadaglat. Ito ay isang mahalagang kasanayan na dapat linangin ng mag-aaral lalo na sa pormal na pagsulat. Ang isang halimbawa ng pagkakamali sa pagdadaglat ay mula sa isa sa mga sulatin ng mag-aaral kung saan ay ginamit ang daglat na "Bb:" na dapat ay hindi gumamit ng tutuldok kundi tuldok lamang. Ayon kay Almario (2013) ang tamang pagdadaglat ay may tiyak na alituntunin sa Ortopgrapiyang Filipino kung saan ay kanilang na ang paggamit ng tuldok, wastong gamit ng malaking titik at kung kailan hindi na kailangang lagyan ng tuldok. Nabanggit din sa pag-aaral ni Lopez (2016) lumabas sa result ana 72% ng mag-aaral sa junior high school ang nagkakamali sa paggamit ng daglat tulad ng "Dr.", "G.", "Bb.", at iba pa. Isa sa karaniwang dahilan ng pagkakamaling ito ay ang hindi paglalagay ng tuldok sa mga pinaikling salita, at ang paggamit ng maliit na titik simula ng daglat na dapat ay malaking titik.

***Antas ng Parirala -*** Sa naging resulta, natukoy na ang mga mag-aaral ay karaniwang nagkakamali sa pagbuo ng parirala. May dalawang kategorya ng pagkakamali ang nakalap: wastong gamit ng salita at angkop na gamit ng pang-ugnay.

**Talahanayan 2**

*Kadalasang Pagkakamali sa Granatikang Filipino sa Antas ng Parirala*

| Kamalian sa Antas ng Parirala | F |
|---|---|
| Wastong gamit ng salita | 68 |
| Angkop na gamit ng pang-ugnay | 17 |

*Wastong Gamit ng Salita.* Kapansin-pansin sa mga mag-aaral ang pagkakamali sa pagpili ng wastong mga salita na gagamitin sa pagsulat. Mula sa mga sulatin ng mag-aaral, isa sa mga ito ay gumamit ng pariralang "paano ba natin masusulosyonan" kung saan ay gumamit siya ng terminong "papano" na sa halip ay "kung paano" na siyang mas mainam sa pariralang binubuo. Gayundin ang pariralang "ipinuproblema ng lahat". Isa pa sa mga halimbawang pagkakamali sa pagbuo ng parirala ng mag-aaral ang pariralang "bunsod na dala ng kahirapan". Kapnsin-pansin na ang mga salitang "bunsod na dala" ay hindi ganap na tama sa anyo dahil sa ito ay nagiging paulit-ulit na ideya. Ito ay maaaring maging "bunsod ng kahirapan" o "dala ng kahirapan". Ayon sa pag-aaral ni Torres-Yu (2004) na Pagpapayaman ng Wikang Filipino sa Panahon ng Globalisasyon, tinalakay niya ang mga hamon sa paggamit ng wikang Filipino sa gitna ng malawakang impluwensya ng globalisasyon lalo at higit mula sa wikang Ingles. Ipinakita sa kanyang pag-aaral ang pagkakaroon ng kamaliang lingguwistko tulad ng "redundancy" o pagsasama ng mga salitang magkatulad ang kahulugan, code switching na hindi angkop at di-estrukturang pagsasalin na nagdudulot ng labis na kalituhan ng mag-aaral sa wika. Nabanggit sa aklat ni Atienza, Ester et.al (1994) na Komunikasyon sa Akademikong Filipino na may iba't ibang suliranin sa paggamit ng wika ang mag-aaral. Isa na nito ay ang kawalan ng pag-unawa sa kontekstwal na gamit ng mga salita na nagbubunga sa maling pagpili ng salita sa pagsulat o pagsasalita.

*Angkop na Gamit ng Pang-ugnay.* Mula sa naging resulta, ipinapakita nito na may mga mag-aaral ang nahihirapang gumamit ng angkop na pang-ugnay upang maging maayos at malinaw ang ugnayan ng mga salita o ideya sa loob ng parirala. Isa sa 27 sanaysay ang kinakitaan ng pagkakamali na ito. Halimbawa nito ang paggamit ng mag-aaral ng pariralang "inaasam ng mithiin" sa halip na gumamit ng pang-ugnay na pang-angkop na "na" upang maging "inaasam na mithiin". Ayon nga sa pag-aaral ni Almonte (2024) natuklasan na isa sa pangunahing suliranin ng mag-aaral ay ang wastong gamit ng pang-ugnay, partikular ang paninsay at pananhi kung saan hindi nagkakaintindihan sa pagsulat ng sanaysay.

***Antas ng Pangungusap -*** Sa naging resulta, natukoy na ang mga mag-aaral ay karaniwang nagkakamali sa pagbuo ng pangungusap kung saan hindi nagiging malinaw ang pagpapahayag ng ideya. Ang mga mag-aaral ay karaniwang nagkakamali sa pagbabantas, wastong gamit ng pandiwa, wastong gamit ng pangatnig at ayos ng pangungusap.

**Talahanayan 3**

*Kadalasang Pagkakamali sa Granatikang Filipino sa Antas ng Pangungusap*

| Kamalian sa Antas ng Pangungusap | F |
|---|---|
| Pagbabantas | 130 |
| Paggamit ng maliit/malaking titik | 107 |
| Wastong gamit ng pandiwa | 15 |
| Wastong gamit ng pangatnig | 13 |
| Ayos ng pangungusap | 4 |

*Pagbabantas.* Mula sa resulta ng pag-aaral, kinakitaan na ang mag-aaral ay higit na nagkakamali sa paggamit ng bantas. Mula sa mga sulatin, isa sa mga mag-aaral ang gumamit ng pangungusap na "Una maaari tayong mag-practice ng 3R's reduce, reuse at recycle. Pangalawa maaari tayong magsimula ng programa sa ating komunidad tulad ng clean-up drives at recycling programs."  na kung susuriin mula sa awtput ay gumamit ng pang-ugnay na pagkasunod-sunod kung saan ang salitang "una" at "pangalawa" ay lalagyan ng kuwit bilang pagpapahiwatig ng paghinto nang sa gayon ay malinaw na ibinibigay ang sunod-sunod na suhestyong gawain. May ilan din sa mga mag-aaral ang nagkamali sa paulit-ulit o pag-"overuse" ng ng bantas na kuwit sa isang pangungusap kung kaya't hindi nagiging akma ang paghinto o paghahati ng ideya. Kapansin-pansin din sa ilang bahagi ng pangungusap ay

dapat nang gamitan ng tuldok dahil sa buo ang diwa nito ngunit ang ginamit ay kuwit. Isa rin sa nagamit ay ang ellipsis na hindi naman kinakailangan sa pangungusap. Ayon sa pag-aaral ni Apuhin et.al (2023) nasuri na ang mga sulatin ng mag-aaral sa ikatlong taon na nagpapakadalubhasa sa Ingles ay lumbas na ang "omission" ang pangunahin nilang pagkakamali at kuwit ang pinakamadalas na maling nakamit. Dagdag dito ang binanggit nina Looc et.al (2014) na natukoy na ang kapitalisasyon at pagbabantas ay pangunahing problema na bunga ng hindi nagagawang i-"review" nang mabuti dahil sa limitadong oras.

*Paggamit ng Maliit o Malaking Titik.* Ang naging resulta ng pag-aaral ay nakitaan ng maraming pagkakamali sa paggamit ng maliit o malaking titik. Ang isang halimbawa ng kamalian sa paggamit na ito ay ang maliit na titik bilang pagsisimula ng pangungusap. Tulad na lamang ng unang pangungusap na isinulat ng mag-aaral sa kanyang sulatin, ang unang salita bilang "hindi" na dapat ay "Hindi" at pangalawang pangungusap na "wala" sa halip na "Wala". Ipinapakita lamang nito na kailangan pa ng higit na pagsasanay at pagtalakay sa araling kinapapalooban ng pagkakamaling ito. Ayon kay Santos (1940) sa kanyang aklat na Balarila ng Wikang Pambansa ay nagbigay siya ng tuntunin na nararapat na isininusulat sa malaking titik ang unang titik sa pagsisimula sa pangungusap. Lumabas din sa resulta ng pag-aaral ni Gonzales (2017) sa kanyang tesis na isa sa karaniwang problema ng mga mag-aaral ay sa pagsulat ay ang hindi wastong paggamit ng malaking titik sa simula ng pangungusap na sinasabing ito ay bunga ng kakulangan sa pundasyon ng kaalaman sa gramatika at pagsasanay sa pormal na pagsulat.

Isa rin sa madalas na pagkakamaling nakita ay ang wastong paggamit ng malaking titik ng mga pangngalang pantangi tulad na lamang ng mula sa sulatin ng isa sa mag-aaral ay nakitaan ng pagkakamali sa pagsulat ng pangngalang "lilian Asaytuno" na dapat ay "Lilian Asaytuno" at ang pangalan ng paaralan na naisulat na "Cumadcad National high school" na dapat ay "Cumadcad National High School". Makikita rin ang maling paggamit ng malaking titik sa mga sumunod na titik sa pangalan tulad na lamang ng "RaFael" na dapat ay "Rafael". Nangangahulugan ito na hindi nagiging konsistent ng paggamit ng malaking titik sa mga pangngalang pantangi.

Ayon kay Challay et.al (2019) mula sa kanyang pag-aaral ay lumabas na ang karaniwang pagkakamali ay ang hindi paggamit ng malaking titik sa pangngalang pantangi gayundin sa simula ng pangungusap. Iminungkahi sa pag-aaral na mas pag-igtingin pa ang pagtuturo ng tuntunin sa kapitalisasyon upang maiwasan ang "overgeneralization" at hindi pag-unawa sa mga pangngalang pantangi. Ayon kay Garcia (2019) sa kanyang pag-aaral na "Ebalwasyon ng Kasanayang Gramatikal sa Sulating Akademiko ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Taon sa Sekondarya" ipinakita sa resulta na marami sa mga mag-aaral ang nagkakamali sa paggamit ng malaki at maliit na titik sa pagsulat ng sanaysay at liham. Nakita rin na isa sa mga dahilan nito ay ang kakulangan sa tuloy-tuloy na pagsasanay sa tamang gramatika gayundin ang paggamit ng teknolohiya lalo at higit sa chat at texting na nagpapalaganap ng maling anyo ng pagsusulat. Nabanggit din sa DepEd Regional Study (2022) na iniulat na isa sa mga pangunahing grammar issues ng mga mag-aaral sa ikapito hanggang ikasampung baitang ay hindi magkakatulad ang paggamit ng capitalization rules lalo na sa mga written outputs kaya naman inirekomenda sa pag-aaral na higit pang magkaroon ng remedial grammar workshops.

*Wastong Gamit ng Pandiwa.* Mula sa resulta ng pag-aaral, natukoy na ang mga mag-aaral ay karaniwang nagkakamali sa paggamit ng wastong pandiwa. Nakita sa isa sa mga sanaysay ng mag-aaral ang pangungusap na "Ito ay ang pundasyon kung saan tayo magbubuo ng ating adhikain at ito rin…" Kapansin-pansin na ang pandiwang "magbubuo" na sa halip ay "bubuo", kung saan ay maling anyo o hindi naaayon ang panlaping ginamit sa konteksto ng pangungusap. Isa pa rito ang halimbwa mula sa mag-aaral na gumamit ng mga pandiwang "ikinakaharap" na dapat ay "kinahaharap", "nakakaapekto" sa halip na "nakaapekto" at "ipinuproblema" na dapat ay "pinoproblema". Ayon kay Palitan (2014) nasuri sa kanyang pag-aaral na mababa ang kakayahan ng mag-aaral sa wastong paggamit ng pandiwa habang katamtaman naman sa paggamit ng pang-uri. Dahil dito ay naisa-isa ang mga salik na nakaaapekto sa kasanayan ng mag-aaral tulad ng wika sa tahanan, paboritong babasahin o pelikula at marka sa Filipino. Dagdag pa rito ang pag-aaral nina Bolaton at Cerna (2024) kung saan nagresulta na ang mag-aaral ay madalas na nagkakamali sa tamang anyo at ayos ng pandiwa tulad na lamang ng maling pagtukoy ng tense o hindi angkop ang affix.

*Wastong Gamit ng Pangatnig.* Sa pagbuo ng kaisipan sa loob ng pangungusap, mahalaga na ito ay ginagamitan ng mga kataga o lipon ng mga salitang nag-uugnay sa dalawang salita, parirala at sugnay. Natukoy sa resulta na may iilang mag-aaral ang nagkakamali sa paggamit ng pangatnig. Isa sa mga awtput ang gumamit ng pangungusap na "Ang maibibgay aral ay dapat maging magkaisa tayong lahat sa paglilinis, huwag natin sirain ang…." Ang pangungusap ay patuloy ang gamit ng mga sugnay kung saan ay maaari naming gamitan ng pangatnig tulad na lamang ng bahaging "sa paglilinis at huwag nating sirain ang kalikasan". Sa pamamagitan nito nakikita ang wastong paghahati ng ideya sa konteksto ng pangungusap. Ayon kay Santiago at Tiangco (2016) karaniwang kamalian ng mag-aaral ay ang paggamit ng pangatnig partikular na sa pagsulat ng sanaysay. Natukoy sa resulta na madalas magkamali ang mag-aaral sa paggamit ng "dahil" sa halip na "sapagkat" na nagpapakita na ito ay naimpluwensyahan ng kolokyal na wika sa pormal na pagsulat. Sa pananaliksik naman ni Bautista (2012) nakita na karaniwang pagkakamali ng mag-aaral sa gramatika ay ang maling gamit ng pangatnig na nakaaapekto sa pagkakaugnay-ugnay ng ideya sa talata.

*Ayos ng Pangungusap.* Mula sa resulta ng pag-aaral mga mangilan-ngilan na mag-aaral ay nagkakamali pa rin sa tamang ayos ng pangungusap. Mula sa isa sa mga sanaysay ng mag-aaral ang paggamit ng hindi karaniwang ayos ng pangungusap ngunit ito ay hindi gumamit ng pangawing na "ay". Ito ay ginagamit sa pag-uugnay ng simuno at panaguri. Ayon kay Dela Cruz (2018) lumabas sa resulta ng kanyang pag-aaral na ang gramatikal na kahinaan ng mga mag-aaral sa junior high school ay nakikitang madalas sa pagkakapalit ng ayos ng pangungusap lalo na ang kawalang gamit ng pangawing. Nakatutok din ang pag-aaral nina Santos at Villanueva (2013) sa karaniwang pagkakamali ng mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay kung saan kabilang sa mga ito ay ang maling pagkakaayos ng simuno at panaguri.

***Gabay-Aklat sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Gramatikang Filipino -*** Ang materyal sa pagpapaunlad ng kasanayan sa gramatikang Filipino ay para sa mga mag-aaral gayundin sa mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino na kinapapalooban ng mahahalagang impormasyon tungkol sa mga aralin at tuntuning gramatika sa antas ng salita, parirala at pangungusap. Upang lubos na maunawaan ang mga bahagi nito narito ang mga pagkakasunod-sunod na nakapaloob sa nabuong materyal.

*Rasyonal.* Ang nabuong materyal ay isang pansariling pagkatutong workbuk na nabuo upang mabigyang kasagutan at matugunan ang patuloy na pagkatuto ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino gayundin bilang kagamitang pampagtuturo ng mga guro. Ito ay nakapokus sa mga aralin at tuntuning gramatika sa antas ng salita, parirala at pangungusap. Layunin ng materyal na ito na mas mapalalim ang pag-unawa at mapalawak ang kaalaman ng mag-aaral sa wastong paggamit ng mga salita, pagbuo ng pangungusap at ang malinaw na pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng pagkakaroon sapat na kaalaman sa gramatika dahil isa ito sa mga kakulangan at kahinaang kasanayan na dapat na matugunan. Kaya naman ang nabuong materyal ng mananaliksik ay may pamagat na G-Workbuk: Gabay sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Gramatikang Filipino na isang gabay na nakabatay sa Batas Republika Blg. 7104 na Komisyon sa Wikang Filipino Act na nagtakdang magsagawa, mag-ugnay at magtaguyod ng pananaliksik at pag-aaral sa pagpapaunlad, pagpapalaganap at preserbasyon ng Filipino at ng iba pang mga wika ng kapuluan. Ang mga nilalaman ng nabuong materyal ay maaaring maging batayan ng mga aralin sa gramatika at tuntunin sa kasanayang balarila para sa mas malinaw at epektibong pakikipagkomunikasyon gamit ang wika.

Ang kagamitang ito ay magsisilbi ring karagdagang sanggunian at kagamitang pampagtuturo ng mga guro sa Filipino sa paghahasa at pagpapalawak ng kasanayang gramatika ng mga mag-aaral. Maaari rin itong maging isa sa mapagkukunan ng impormasyon at reperensya ng mga araling may kaugnayan sa gramatika lalo higit may mahahalagang kompetensing inaasahan ng kurikulum na kailangang malinang sa nag-aaral. Malaki ang kontribusyon ng wika at kasanayang gramatika sa Filipino sa kakayahang pasulat at pagsasalita ng mag-aaral kaya napakahalaga ng pagkakaroon ng materyal na hahasa at lilinang sa kakayahang ito. Isa ang workbuk na ito sa magiging tulay sa pagpapaunlad ng kasanayan sa gramatikang Filipino.

*Paunang Pahina.* Sa bahaging ito matatagpuan ang mga paunang pahina na dapat taglayin ng isang aklat kung

saan naglalaman ito ng: Pabalat, Paunang Salita at Talaan ng Nilalaman.

*Pabalat.* Makikita rito ang pamagat ng nabuong materyal na G – Workbuk: Gabay sa Pagpapaunlad ng Kasanayang Gramatikang Filipino. Ang pamagat na G – Workbuk ay may papakahulugan na ang letrang G para sa gramatika at Workbuk bilang aklat na sanayan. Ito ay naglalaman ng ilustrasyon ng mga mag-aaral mula sa Senior High School na kuhang larawan Lyceum of the Philippines University - Batangas na siyang nagsisilbing mukha ng nabuong aklat upang madaling matukoy at magkaroon ng paunang ideya na ito ay nabuo para sa mga mag-aaral na nasa lebel ng Senior High School.

*Paunang Salita.* Ito ay naglalaman ng gabay at pag-iisa-isa ng mga layunin ng G-Workbuk para sa mga mag-aaral. Nakapaloob dito ang mga makukuhang kaalaman ng mag-aaral. Naglalaman ito ng maikling pagsasalaysay ukol sa pangunahing konsepto na tatalakayin at ang mga inaasahang kahalagahan ng pag-aaral na nakapaloob sa nabuong materyal.

*Talaan ng Nilalaman.* Nakalista sa bahaging ito ang mga nilalaman ng materyal. Dito makikita ang mga laman ng aklat at kung saan na pahina ito makikita. Nakatala rin dito ang mga pamagat at kung anong pahina ito mahahanap.

*Mga Aralin.* Ang mga araling tinalakay sa nabuong materyal ay mga paksang may kaugnayan sa gramatika. Ito ay hinati sa sa tatlong bahagi batay sa paksa na tinatalakay nito 1) Antas ng Salita 2) Antas ng Parirala at 3) Antas ng Pangungusap. Sinuri ito ng mananaliksik upang ang lahat ng nilalaman ay tutugon sa pinakakailangang kaalaman ng mga mag-aaral. Ang mga araling tinalakay sa aklat na ito ay ginawang payak at madaling maunawaan nang sa gayon ay hindi mahirapan sa pag-unawa ang mag-aaral na walang gabay ng guro sa pag-aaral na siyang pinakalayunin ng pansariling pagkatutong workbuk na ito.

*Mga Pagsasanay.* Sa bahaging ito ay naglalaman ng mga gawain na naglalayong pagbutihin ang kakayahang magtatalakay, magsuri, at pagsasanib ng kaalaman ng mag-aaral mula sa mga araling tinalakay. Ang mga pagsasanay na ito ay nakabatay sa mahalagang layunin na dapat maabot ng mga mag-aaral pagkatapos ng mga aralin. Ayon kay Laurel (2022), sa pagbuo ng mga gawaing pagkatuto, ang guro ay nagpaplano o pumili ng mga aktibidad sa pag-aaral batay sa kung aling aktibidad ang nagpapagana ng kaalaman ng mga mag-aaral.

*Susi ng Pagwawasto.* Ito ang bahagi ng aklat na higit na makatutulong sa guro dahil ito ay para lamang sa kopya ng mga guro bilang basehan at katuwang niya sa pagwawasto ng mga naging kasagutan ng mag-aaral sa paggamit ng nabuong materyal.

*Talasanggunian.* Makikita sa bahaging ito ang pinagkunan ng mga impormasyon na nakatala sa loob ng aklat. Ang sanggunian ng G-Workbuk ay naglalaman ng mga pagsipi mula sa iba't ibang akademikong sanggunian, aklat at onlayn na mga mapagkukunan. Nakatulong ito sa pagpapatibay ng impormasyon at pagbibigay-kredibilidad sa mga nilalaman ng aklat. Ito ay nagpapakita ng masusing pananaliksik at pagbabatay sa mga tunay na datos at opinyon mula sa mga eksperto sa larangan. Ang G-Workbuk: Materyal sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Gramatikang Filipino ay isang kapaki-pakinabang na materyal na makatutulong sa pagpapayaman at pagpapalawak ng kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral ng kasanayan sa gramatikang Filipino. Ito ay isang pansariling gabay-materyal o workbuk na hahasa at lilinang sa kakayahan ng mag-aaral. Sa pamamagitan nito ay matutugunan ang kakulangan o limitadong kaalaman ng mag-aaral sa gramatika at mga tuntunin patungkol dito. Ito ay mas pinaikli at pinadali nang sa gayon ay agad na matutunan at maunawaan nang wasto ng mga mag-aaral.

***Ebalwasyon ng mga Dalubhasa sa Nabuong Materyal* -** Isinagawa ang balidasyon ng nabuong materyal ng mga dalubgurong daluhasa sa wikang Filipino gamit ang Learning Resource Management and Development System. Ginagawa ito upang matiyak kung balido ang nilalaman, pormat, presentasyon at kaayusan at ang kawastuhan at napapanahon ang impormasyon.

*Nilalaman.* Ang nabuong materyal ay masasabing may malinaw na nilalaman na kung saan ay makatutulong sa mga mag-aaral gayundin sa mga guro para mas madali at malinaw ang pag-unawa sa mga araling may

kaugnayan sa gramatika. Ito ay nagkamit ng 3.80, 3.80, 4, 4, 4, 4, at 3.80 na puntos sa sunod-sunod na krayterya na may deskripsyon na lubos na katanggap-tanggap (LK). Ito ay may kabuoang puntos na 27.40, at pumasa. Ayon sa DepEd Curriculum Guide (2016) nararapat na maging inobatibo ang guro at sumabay sa pag-usbong ng makabagong paraan ng pagkatuto. Isa sa kinakailangang gawan ng inobasyon ay ang pagtuturo ng gramatika. Kaya naman ang nasabing materyal ay isa sa mga maaaring epektibong kagamitan na makatutulong sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa gramatika dahil tulad ng nabanggit nina Funciara at Rusello (2021) na ang kahinaan sa kakayahang panggramatika ay nagdudulot ng mababang kalidad ng pagsusulat na maaaring magdulot ng pagkakamali sa pagpapahayag ng ideya at hindi malinaw na mensahe. Kaya naman ang kagamitan ay maaring maging sandigan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kay Salandanan (2011) para maging kawili-wili ang isang kagamitan, dapat may mga nilalaman ito na may kinalaman sa aralin at self-pacing para maaaring mag-progress ang bawat mag-aaral sa kanyang sariling bilis. Kaya naman ang materyal na nabuo ay angkop sa pagkatuto ng mga mag-aaral gayundin ang pagkakaroon nila ng responsibilidad sa kanilang pagkatuto.

*Pormat.* Ang pormat ay sinuri sa pamamagitan ng mga puntos sa titik, ilustrasyon, disenyo at layout, papel at binding, laki at bigat ng kagamitan. Sa bahagi ng Pormat – Titik na kabilang ang laki ng titik ay angkop sa mambabasa, ang puwang sa mga pagitan ng titik at mga salita ay angkop para sa pagbabasa, font ay madaling basahin at maayos na kalidad ng pagkaimprenta. Ang mga ito ay nakakuha ng puntos na pare-parehong 4.00 batay sa pagkakasunod-sunod na may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap.

*Ilustrasyon*. Mayroong 4.0, 4.0, 4.0, 4.0, 3.60 at 4.0 na mga puntos ang mga sumusunod na krayterya na may Lubos na Katanggap-tanggap (LK) na deskripsyon. Ang nabuong materyal ay gumamit ng larawan ng mga mag-aaral sa sekondarya na siyang pinakailustrasyon ng aklat. Ito ay nagpapakita lamang na ang materyal ay para sa mga mag-aaral ng nasa lebel ng sekondarya. Bilang karagdagan, ang materyal ay gumamit ng kulay asul na ibinatay ng mananaliksik mula sa Regional Memorandum no. 91, s. 2020 na nagsasaad ng element ng pagbuo ng kagamitan na ang kulay ng kagamitan para sa asignaturang Filipino ay kulay asul.

*Disenyo at Layout.* Ang kaakit-akit at kaaya-ayang tingnan ay mayroong puntos na 4. Payak (hindi nakagagambala sa atensyon ng mambabasa ay 4 na puntos. Sapat ang ilustrasyong kaugnay sa teksto na may 3.80 na puntos. Samantala, ang magkatugma ang mga pinagsamang elemento tulad ng ilustrasyon at teksto ay nakakuha ng 4 na puntos. Ang mga ito ay may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap (LK).

*Papel at Binding.* Ang kalidad ng papel na ginamit ay naambag sa ikakadali ng pagbasa at matibay na pagkaka-bind ng kagamitan ay kapwa nakakuha ng 3.80 na puntos na may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap (LK). Isa sa mga ebalweytor na si Dr. Jamisola, ang nagbigay ng berbal na komento na ang paggamit ng cover na makapal na plastic bago ang pabalat ay higit na makatutulong sa pagpapanatili ng tibay at pangmatagalang gamit ng nabuong aklat. Ayon pa sa kanya ito ay magiging proteksyon ng aklat lalo't higit sa mga dumi at kung sakali man ay hindi agad mabasa o masira ang pabalat.

*Laki at Bigat ng Kagamitan.* Ang madaling paggamit ng aklat ay may 4 na puntos at ang bahagyang magaan ay may 3.80 na puntos na kapwa may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap (LK). Ang laki at bigat ng nabuong materyal ay tama at madaling gamitin. Tulad na lamang ng karagdagang berbal na komento ni Dr. Jamisola, ito ay maaaring dalhin kahit saan dahil sa ang materyal ay hindi ganoon kakapal at kanipis. Saktong-sakto ito para sa mga mag-aaral na hindi ninanais na magdala pa ng makakapal at mabibigat na aklat sa paaralan o maging sa kanilang mga tahanan. Ang kabuoang lebel ng pagtanggap ng mga dalubgurong nagtuturo sa Filipino sa nabuong materyal ay may mean na 3.93 na katumbas ng 70.80 na puntos na nangangahulugang ang G-Workbuk ay pumasa sa pormat.

Ayon kay Hayati et. al (2015) na ang magandang pormat at stilo ay nakatutulong sa mas malalim na pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay higit na makatutulong sa patuloy na pagpapayabong ng kanilang karanasan at kaalaman sa pag-aaral ng Filipino. Ang laki ng font ay ginagamit ng mga bata bilang tanda kapag sumusunod sa kanilang sariling pag-aaral, kung saan mas mahusay nilang naaalala ang mga salitang may mas malaking font,

ipinapahiwatig lamang nito na mas tumatatak ito sa memorya nila. Ayon naman kina Nasifeh at Balakrishan (2014), ang mga letra ay pangunahing elemento sa pagpaparating ng mensahe. Ang paggamit ng mga ilustrasyon sa mga kagamitang pampagtuturo, ayon naman kina Park at Lim (2004), ay isang epektibong paraan upang suportahan ang pag-aaral, dahil sa ito ay magiging katuwang sa pagpapahayag ng interes at pag-unawa sa konteksto ng teksto.

Ayon kay Setubal (2012) ang kagamitang panturo ay may epekto sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga ilustrasyon. Ang paggamit ng kaakit-akit na presentasyon tulad na lamang ng kulay, malawak na espasyo, at mga larawan ay nagbibigay interes sa mga mag-aaral upang gamitin ang mga kagamitang ito. Ayon kay Bandli (2021) na gumamit ng mga prinsipyo tulad ng balanse, proporsyon, alignment, kontras, emphasis, pattern, at kaisahan o konsistensi sa pagdidisenyo at paglikha ng mga materyal na makatutulong sa pagkatuto. Ayon kay Jandhyala (2021) na naniniwala na mas nakakaakit ang mga biswal kaysa sa simpleng teksto sa mga batang may kuryusidad at mapanuring isipan. Iginiit din ni Peacock (2007) na ang kalidad ng mga materyales ay mahalaga upang makamit ang mga layunin sa pag-aaral. Kaya naman napakahalaga ang pagsasaalang-alang ng mga materyales na gagamitin sa pagbuo ng mga kagamitang tulad nito dahil mapananatili nito ang pisikal na kaanyuan gayundin ang haba ng panahon na itatagal ng kagamitan.

*Presentasyon at Kaayusan.* Ang bawat aklat, sulatin at iba pang uri ng babasahin ay dapat na maayos tugnan at presentable sa mambabasa. Ang pagpapakilala ng mga konsepto ay dapat na nakakapag-udyok ng aktibong pakikilahok, kapana-panabik at madaling maunawaan. Ito ay dapat na kakikitaan ng lohikal at maayos na daloy ng mga kaisipan. Ang antas ng bokabularyo na angkop sa sa karanasan at antas ng pag-unawa ng mambabasa. Makikita sa talahanayan ang lebel ng pagtanggap ng mga dalubgurong nagtuturo ng Filipino sa nabuong materyal batay sa presentasyon at kaayusan. Ang lahat ng indikaytor ay mayroong 4 na puntos na may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap (LK). Bilang kabuuan ang materyal ay nagkamit ng 20.0 na puntos mula sa ebalwasyon ng mga dalubguro. Ito ay nagbibigay implikasyon na ang nabuong materyal ay nailahad ang mga kansepto nang maayos at nauunawaan. Kakikitaan din ito ng kronolohikal na daloy ng kaisipan na madaling masusundan ng mga mag-aaral. Ayon kay Bilash (2009), ang maayos na pagkasunod-sunod ng mga aralin ay nakatutulong sa guro at mag-aaral dahil sa maayos at organisadong mga plano ng aralin, mas mabilis ang takbo ng pagkatuto, nababawasan ang mga abala, nagiging mas kaaya-aya ang kapaligiran para sap ag-aaral at nababawasan ang stress ng guro. Binigyang-diin na isang mahusay na kagamitan sa pagtuturo ay nakatutulong ng malaki sa tagumpay ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng kagamitan sa pagtuturo ay napapadali at nagpapalalim sa proseso ng pagkatuto sa pamamagitan ng malinaw na pagprisenta ng nilalaman at pagkakaugnay sa layunin ng aralin.

*Kawastuhan at Napapanahon ang Impormasyon.* Mahalagang malaman na sa paggawa ng babasahin o isang aklat ay maaaring pagbatayan ang napapanahong impormasyon o sitwasyon sa kapaligiran na maaaring iugnay sa gagawing aklat. Ang materyal ay may mga puntos na 4, 4, 3.80, 3.80 at 3.60 batay sa unang apat na pasunod-sunod na indikaytor na may deskripsyong Walang Mali (WM). Ito ay may kabuoang puntos na 19.20 na nangangahulugang ito ay pumasa at maaaring gamitin sa mga paaralan sapagkat ang bahaging ito ay nakakuha ng mataas na puntos nang sa gayon ay maaaring gamitin bilang kagamitang pampagtuturo. Ang mga impormasyon na nakalathala sa nabuong materyal ay napapanahon. Batay din sa ipinakitang resulta ng ebalwasyon, ang mga impormasyong nakapaloob sa G-Workbuk ay wasto at sapat. Ang tiyak at payak na pagkakaayos ng mga konsepto at impormasyon ay lubusang makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon kay Estera (2024) na mahalaga ang pagiging maingat sa paggamit ng mga kagamitang pang—edukasyon upang maiwasan ang anumang pagkakamali o kalituhan sa impormasyon na kanilang natanggap. May pangangailangan na ayusin ang ilang mga maling konseptwal, panggramatikal at taypograpikal na pagkakamali. Nabanggit din sa kanyang pag-aaral ang paliwanag ni Chinwendu (2014) na ang lexiconsyntactic na mga pagkakamali na matatagpuan sa mga materyales sa pagtuturo, kung hindi maayos, ay gagawing bunga lamang ng mga mag-aaral ang mali na matatagpuan sa mga materyales sa pagtuturo. Dagdag niya pa ang sinabi ni Fauth et. al. (2019) na ang maling pagkakamali at hindi pagkabilang sa proseso ng edukasyon ay nagiging dahilan ng hindi pagkakatugma ng materyal sap ag-aaral. Ito ay nagdudulot ng pagbabago sa pag-iisip ng mga mag-aaral na maaaring magbunga ng mahinang pagganap sa paaralan.


Sa kabuoan, ayon sa limang (5) sumuri ang nabuong materyal ay maaaring magamit bilang gabay-materyal sa pagpapaunlad ng kasanayan sa gramatikang Filipino. Ang lahat ng bahagi ng materyal tulad ng Nilalaman, Pormat, Presentasyon at Kaayusan at Kawastuhan at Napapanahon ang Impormasyon ay may deskripsyong *Lubos na Katanggap-tanggap.* At ayon sa ebalwasyon ang naging resulta nito ay lahat pumasa. Ang mga tagasuri ay nagbigay ng kanilang mga suhestyon at komento sa ginawang aklat. Ang ilan sa kanila ay nagsabi na may iilang mga tayporapikal na pagkakamali na dapat irebisa at pag-ayos ng ilan sa mga panuto. Ayon din sa mga tagasuri, ang ganitong aklat ay makatutulong higit sa mga mag-aaral at mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino dahil na rin sa pinaikli, pinadali at mas inayos ang mga araling may kaugnayan sa gramatika. Ang aklat na nabuo ay malinis, presentable, mahusay ang pagkakabuo ng pisikal na anyo ng aklat at makabuluhan ang nilalaman na makatutulong lalo na sa mga guro bilang sanggunian at kagamitang pampagtuturo.

***Pagpapayaman ng Materyal sa Gramatikang Filipino***

*Ang G-Workbuk*: Materyal sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Gramatikang Filipino ay sinuri at kinilatis ng limang ebalweytor na mga dalubgguro na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Bawat isa ay nagbigay ng kanya-kanyang komento at suhestyon upang mas lalo pang maging malinaw, maayos, makabuluhan at tumpak ang nilalaman ng workbuk. Sa pamamagitan nito ay ginawan ng mga rebisyon ng mananaliksik ang mga bahagi na dapat pang pagyamamin nang sa gayon ito ay mas maging kapaki-pakinabang sa mga guro at mag-aaral na gagamit ng nabuong materyal.

*Pabalat.* Sa bahagi ng pangmukhang pahina o pabalat ay binigyang suhestyon ng isa sa mga ebalweytor na kung maaari ay palitan ang larawan ng tunay na larawan na kuha ng mananaliksik. Maaari rito gamitin ang mismong larawan ng mga mag-aaral na pinagtuturuan ng mananaliksik.


Pigura 1.
*Larawan ng Pabalat.*




Makikita rito ang pamagat ng nabuong materyal na G – Workbuk: Gabay sa Pagpapaunlad ng Kasanayang Panggramatika. Ito ay naglalaman ng ilustrasyon ng mga mag-aaral mula sa Senior High School na kuhang larawan Lyceum of the Philippines University - Batangas na siyang nagsisilbing mukha ng nabuong aklat upang madaling matukoy at magkaroon ng paunang ideya na ito ay nabuo para sa mga mag-aaral na nasa lebel ng Senior High School. Ipinakita rin sa ilustrasyon na walang guro sapagkat ang nabuong materyal ay isang pansariling pagkatutong workbuk na maaaring gabay ng mga mag-aaral sa gramatika. Ito ay makatutulong higit sa pagpapaunlad rin ng pagtutulungan sa pagkatuto rin ng pagtutulungan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kay Gudinavicius at Suminas (2018) ang pagkakaroon ng isang magandang pabalat ng isang aklat o babasahin ay nakapupukaw ng interes ng mga mambabasa. Kaya't ito ay dapat na maging kawili-wili at kakikitaan ng kung sino at para kanino ang nasabing aklat nang sa gayon ay mabigyan ng paunang ideya ang gagamit nito. Mahalaga ang papel nito bilang isang paraan ng komunikasyon ng mambabasa.

*Mga Aralin.* Sa nabuong materyal ay nahahati sa dalawang kabanata ang mga aralin una ay ang mga bahagi ng pananalita at pangalawa naman ang tuntunin ng kasanayang gramatika. May mga suhestyong nais iparebisa ang mga eksperto sa bahaging ito dahil sa ito ay ang siyang pinakakalansay ng workbuk kung saan dito matatagpuan ang mahahalagang impormasyon na dapat malaman ng mag-aaral nang sa gayon ay masagutan nang wasto ang mga pagsasanay.


Pigura 2.
*Larawan ng mga aralin na dapat na rebisahin at ayusin.*



2. ***PANGATNIG*** – ay bahagi ng pananalita na nag-uugnay ng mga salita, parirala, sugnay o pangungusap upang makabuo ng malinaw na diwa.
***URI NG PANGATNIG:***

G-WORKBUK: GABAY SA PAGPAPAUNLAD NG KASANAYAN SA GRAMATIKANG FILIPINO 31

1. Pamukod – ito ay mayroong pamimili, pagtatangi, pag-aalinlangan at karaniwang nilalagyan ng mga katagang **o**, ***ni*** at ***maging.***
Halimbawa:
   - Ano ba ang mas mainam na ialmusal lugaw **o** champorado?
   - Sermunan **ni** saktan ay hindi ko magagawa sa aking kapatid.




4. ***Panghalip na Pamatlig*** – ito ayang tawag sa mga panghalip na humahalili sa ngalan ng tao, bagay, hayop at iba pa na itinuturo o inihihimaton.
***Uri ng Panghalip na Pamatlig***

G-WORKBUK: GABAY SA PAGPAPAUNLAD NG KASANAYAN SA GRAMATIKANG FILIPINO 10

a. ***Paturol*** –. Ito rin ay tuwirang tumutukoy sa isang tao o bagay na malapit sa nagsasalita o isang pangyayaring nasa kasalukuyang panahon.
Halimbawa: ito, ire, yari, iyan, iyon, yaon, yaan,
- Ito ang aking mansanas.
- Ire ang isinulat niya sa papel.
- Yaan ang aking bahay.

Makikita sa larawan ang pagputol ng impormasyon na dapat ay magkakasama sa isang pahina. Isa ito sa mga suhestyon ng mga ebalweytor kung saan ay dapat na pagsamahin ang mga impormasyon na magkakaugnay nang sa gayon ay hindi mahirapan ang mag-aaral na hanapin pa sa panibagong pahina ang kaugnay na paksa rito. Nangangahulugan ito na dapat na maging mariin sa pag-sasaayos at disenyo ng mga paksa upang mas maging madali para sa mag-aaral ang paggamit ng pansariling workbuk.

Pigura 3.
*Larawan ng aralin na dapat rebisahin at ayusin.*



**Aralin 1: ANG PANGNGALAN**

Ang ***pangngalan*** *(noun)* ay ang siyang pinakasimuno ng mga salita at pananalita sa alinmang wika at lalo na ito ang paksang pinag-aaralan. Ito ay maaaring ngalan ng tao, bagay, hayop, pook o pangyayari.
May dalawang uri ang *pangngalan:*

a. ***Pantangi*** – ito ay ang tiyak na ngalan tao, bagay, hayop, pook o pangyayari. Karaniwang ito ay nasusulat sa malaking titik. Sa pamamagitan ng pangngalang panangì ay tíyakang náipakikilala kung sino o alín ang tinutukoy na di-sukat ipagkámalî sa ibá.
*Halimbawa:* Jose Rizal, Pasko, Bantay, Monggol, Luneta Park, Adidas at iba pa.

b. ***Pambalana*** – ay tumutukoy sa di-tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, pook at pangyayari. Ito ay nagsisimula sa maliit na letra.
*Halimbawa:* bag, sapatos, puto, aso, shampoo, bulkan, plasa


***Pagsasanay 1***
Panuto: Piliin ang salitang ginamit bilang pangngalan sa pangungusap at tukuyin kung nasa anong uri ng pangngalan.
1. Ang programang Family Feud ay isa sa mga palabas na kinaaliwan ng maraming Pilipino.
2. Ang mga pasahero ng eroplano ay maaaring ligtas o nabihag ng mga rebelde.
3. Suzuki ang tatak ng motorsiklo na binili ni Mang Kanor.
4. Mapagbigay at malambot ang puso ninang ni Angelo.
5. Ang doktora ay nagbigay ng abiso sa pasyente na patuloy na pangalagaan ang pangangatawan.

G-WORKBUK: GABAY SA PAGPAPAUNLAD NG KASANAYAN SA GRAMATIKANG FILIPINO 7

Mula sa pigura, makikita na ang pagtalakay sa pangngalan ay naglalaman ng impormasyon at mga halimbawa nito. Ayon sa isa sa mga ebalweytor, iminumungkahi na marapat lamang na ang mga ginamit na halimbawa ay

gamitin sa pangungusap nang sa gayon ay maging malinaw sa mag-aaral ang aralin, mapapadali ang pag-unawa at maituturo ang tamang balarila.

Pigura 4.
*Larawan ng aralin na dapat rebisahin at ayusin.*




Isa rin sa mga naging suhestyon ng ebalweytor patungkol sa aralin ay ang pagwawasto ng mga taypograpikal na pagkakamali at pagwawasto ng baybay ng pagsasalin ng mga terminolohiyang Ingles. Makikita sa mga larawan ang maling baybay ng "pag-uri" sa halip na "pang-uri" at "deyerminer" sa halip na determiner. Ayon kay Jingga (2013) ang mga materyales sa pagtuturo o instructional materials ay mga mahahalagang kagamitan para mapalawak ang kaalaman, kasanayan, at mga saloobin na dapat matutunan ng mga mag-aaral upang matugunan ang itinakdang pamantayan ng kakayahan. Kaya naman kinakailangang suriin nang mabuti at ayusin ang mga nilalaman nito upang maiwasan ang kalituhan at higit na maunawaan ang konsepto ng bawat aralin.


*Mga Pagsasanay.* Ang nabuong materyal ay naglalaman ng mga pagsasanay sa bawat aralin na siyang susubok at hahasa sa kakayahan ng mag-aaral sa kasanayang garamatikang Filipino, kaya ilan sa mga nais ng ebalweytor ang nagsabing dapat mas pagtuuonan ng pansin ng mananaliksik ang bahaging ito dahil sa ito ay dapat na maging malinaw at wasto ang pagkakabuo. Ilan sa mga suhestyon ng mga ebalweytor ay ang: pag-ayos ng mga linyang dapat na magkakahanay, pagsasaayos at linawin ang mga panutong ibinibigay sa bawat pagsasanay, pagsasaayos ng hanay ng mga pangungusap, maglaan ng angkop na espasyo at linya sa inaasahang sagot, at iwasto ang mga taypograpikal na pagkakamali at pagkabaybay.

Makikita sa larawan ang hindi pagkakahanay ng linya sa isang pagsasanay. Ayon sa ebalweytor ay dapat siguruhin na ang pagsasanay ay may maayos na pagkakabuo maging sa pagkakahanay nang sa gayon ay makita ang konsitensi at kaangkupan ng espasyo para sa kasagutan ng mag-aaral.

Batay sa larawan, kapansin-pansin na hindi gaano kalinaw ang panuto na nais ipahiwatig sa pagsasanay na ito. Suhestyon ng isa sa mga ebalweytor na palitan ang nasabing panuto bilang "Hanapin sa loob ng pasalitang palaisipan *word puzzle* ang mga panghalip" dahil sa ito ang mas mainam at wasto para sa gawain. Ang paggawa

ng malinaw na panuto sa mga pagsasanay ay napakahalaga sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto dahil sa ito ay nakapagbibay ng tiyak ng direksyon, nakatutulong sa epektibong pagkatuto, nakakaiwas sa pagkakamali o maling sagot at naisusulong din nito ang kasanayan sa pagsunod sa mga tagubilin.


Pigura 5.
*Larawan ng mga pagsasanay na dapat ayusin at rebisahin.*


**Pagsasanay 2**

Panuto: Punan ang patlang ng pangngalang pantangi na angkop para sa sumusunod na pangngalang pambalana.

1. bansa - __________ 6. simbahan - __________
2. parke - __________ 7. paaralan - __________
3. tindahan - __________ 8. guro - __________
4. sasakyan - __________ 9. tao - __________
5. pagtitipon - __________ 10. pagdiriwang - __________

Pigura 6.
*Larawan ng mga pagsasanay na dapat ayusin at rebisahin.*



**Pagsasanay 1: Hanapin mo!**

Panuto: Hanapin ang mga panghalip na makikita sa kahon. Bilugan ang mga ito at tukuyin kung nasa anong uri ito ng panghalip. Isulat ang uri ng panghalip sa patlang sa ibaba ng kahon.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| X | A | K | I | N | P | Y | J | N |
| P | I | Y | Q | K | I | B | N | I |
| S | P | F | U | L | T | D | M | L |
| H | Z | G | A | N | O | C | G | A |
| M | O | J | D | I | Y | A | N | T |
| C | S | K | L | F | A | B | D | R |
| V | G | A | N | I | R | E | Q | H |
| P | W | K | M | J | I | Y | O | E |

1. __________ 6. __________
2. __________ 7. __________
3. __________ 8. __________
4. __________ 9. __________
5. __________ 10. __________

Pigura 7.
*Larawan ng mga pagsasanay na dapat ayusin at rebisahin.*


**Pagsasanay 1**

Panuto: Tukuyin ang pang-abay na ginamit sa bawat pangungusap at kung nasa anong uri ng pang-abay ito. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Siya ay nag-aral kahapon para sa pagsususlit.
   __________
2. Naglakad siya patungo sa plasa pagkatapos ng misa.
   __________
3. Kumilos ang bata nang mabilis upang makaiwa sa aksidente.
   __________

G-WORKBUK: GABAY SA PAGPAPAUNLAD NG KASANAYAN SA GRAMATIKANG FILIPINO 27

Isa rin sa mga suhestyon ng mga eksperto sa mga pagsasanay ay ang paglalaan ng sapat na espasyo para sa kasagutan ng mag-aaral. Makikita sa larawan na ang pagsasanay ay may inaasahang sagot, ngunit iisa lamang ang linyang nailagay ng mananaliksik. Kaya naman mahalagang maging makilatis sa pagbibigay ng panuto gayundin sa estruktura ng pagsagot ng mag-aaral nang sa gayon ay maging malinaw sa kanila kung ano ang mga inaasahan. Ang mga pagsasanay ay dapat na nakabatay sa mahalagang layunin na dapat maabot ng mga mag-aaral pagkatapos ng mga aralin. Kaya naman ay nangangailangan ito ng masusing pagpaplano ng pagpili ng mga katibidad na akma sa lebel ng kaalaman ng mag-aaral na susubok sa kanilang kakayahan.

*Susi ng Pagwawasto.* Sa bahaging ito ay makikita ang mga inaasahang sagot mula sa lahat ng pagsasanay sa bawat aralin. Isa sa mga komento at suhestyon ng dalubhasa ay ang pagsisiguro ng mga tamang sagot sa bawat bilang at lagyan ng linya ang mga sagot na inaasahan mula sa mag-aaral.

Batay sa isinagawanag pag-aaral nina Castillo et.al (2024) banggit ni Lopez (2025) na ang mga gabay materyal ay may malaking gampanin sa mga guro sa hinaharap. Mas napapadali nito ang pagtuturo ng mga guro gayundin ang daloy ng pagtuturo at pagkatuto. Ang mga ganitong materyal ay nagsisilbing sanggunian sa kahit na anumang sadali dahil maaari itong magamit. Katuwang din ng guro ang nabuong materyal sa patuloy na pagpapalawak,

pagpapaunlad at paghahasa ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kasanayang gramatikang Filipino.

## 4. Kongklusyon at rekomendasyon

Batay sa natuklasan, inilahad ang sumusunod na kongklusyon: Maraming pagkakamali ang mga mag-aaral sa kasanayang gramatikang Filipino sa kadahilanang hindi sapat ang kaalaman at kakayahan sa paggamit ng mga ito. Ang nabuong materyal sa pagpapaunlad ng kasanayang gramatikang Filipino ay kakikitaan ng mga bahaging tulad paunang pahina na naglalaman ng pabalat, paunang salita at talaan ng nilalaman, mga aralin, mga pagsasanay, susi ng pagwawasto at talasanggunian. Lahat ng bahagi ng gabay-materyal ay may ebalwasyong katanggap-tanggap ayon sa pagmamarka ng eskperto. Ang ilan sa mga bahagi ng materyal ay dapat na rebisahin at ayusin. Naging rekomendasyon na ang mga mag-aaral ay nangangailangan pa ng maigting pagsasanay sa kasanayang gramatikang Filipino. Ang gabay-materyal ay may kapakinabangan sa pagkatuto ng mag-aaral at pagtuturo ng mga guro. Ipagamit sa mga mag-aaral ang nabuong materyal upang higit pa itong makatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan at kaalamang panggramatika sa asignaturang Filipino. Ito ay maaaring pagyamanin pa para sa kapakinabangan nito sa pagkatuto ng mag-aaral at pagtuturo ng mga guro. Magsagawa pa ng ibang pag-aaral na may kaugnayan sa kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino.

## 5. Talasanggunian

Almarío, V. S., et al. (2014). *KWF manwal sa masinop na pagsulat.* Komisyon ng Wikang Filipino.

Almonte, R. (2024). *Pagsusuri sa suliranin ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng pang-ugnay sa pagsulat ng sanaysay* [Hindi nailathalang pananaliksik]. Pamantasan ng Pilipinas.

Alvarado, M. (2017). *Pag-aaral sa limitadong kaalaman ng mga mag-aaral sa tuntunin ng palatitikan at baybay ng wikang Filipino sa isang pampublikong paaralan* [Hindi nailathalang master's tesis]. Pamantasan ng Pilipinas.

Anciente, L. (2019). *Kasanayan sa gramatika sa pagsulat ng konseptong papel ng mga mag-aaral na nasa Grade 11 sa Upland Integrated National High School.*

Apuhin, M., Dela Cruz, J., & Ramos, K. (2023). *Pagsusuri sa mga karaniwang pagkakamali sa bantas at istruktura ng pangungusap sa mga sulatin ng mga mag-aaral sa ikatlong taon na nagpapakadalubhasa sa Ingles* [Hindi nailathalang pananaliksik]. Pamantasan ng Mindanao.

Atienza, E., & Ester, et al. (1994). *Komunikasyon sa akademikong Filipino.* Rex Book Store.

Bandli, R. (2021). Application of design principles in creating effective learning materials. *Journal of Educational Design and Technology, 27*(1), 89–101.

Batas Republika Blg. 7104. (1991). *An act creating the Commission on the Filipino Language, prescribing its powers, duties, and functions, and appropriating funds therefor.* Official Gazette of the Republic of the Philippines.

Bautista, M. L. S. (2012). *Mga kamalian sa gramatika ng mga mag-aaral sa paggamit ng pangatnig at ang epekto nito sa pagkakaugnay-ugnay ng ideya sa talata* [Hindi nailathalang tesis sa masteral]. University of the Philippines Diliman.

Bilash, O. (2009). Effective sequencing of lessons for optimal learning outcomes. *Journal of Educational Strategies and Practices, 12*(3), 45–56.

Bolaton, K., & Cerna, A. (2024). *Pag-aaral sa karaniwang pagkakamali ng mga mag-aaral sa anyo at ayos ng pandiwa sa wikang Filipino* [Hindi nailathalang tesis sa masteral]. Mindanao State University.

Catabui, F. (1969). *A study of mother tongue inference in learning Filipino among Ibanag students* [Hindi nailathalang master's tesis]. University of the Philippines.

Cetinkaya, F., & Tilgfarlioglu, F. (2020). Three factors affecting language learning: Grammar learning strategies, self-efficacy and learner autonomy. *Universal Journal of Educational Research, 8*(7), 2929–2936.

Challay, R., Dizon, P., & Navarro, J. (2019). *Pag-aaral sa maling paggamit ng malaking titik sa pangngalang pantangi at simula ng pangungusap sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral* [Hindi nailathalang pananaliksik]. Pamantasan ng Santo Tomas.

Chinwendu, A. (2014). Lexicosyntactic errors in instructional materials and their impact on learners' language acquisition. *International Journal of Education and Literacy Studies, 2*(4), 88–97.

Constantino, R. (2004). *The miseducation of the Filipino.* Foundation for Nationalist Studies.

Deborah, B. (2019). *Effectiveness of technology in an English grammar and punctuation course* (Doctoral dissertation, University of Southern Mississippi). The Aquila Digital Community.

De Leon, H. S. (2002). *Textbook on the Philippine Constitution.* Rex Book Store.

Delos Santos, A. S. (2018). Pagsusuri sa gramatikal na kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang. *Filipino Research Review, 10*(2), 59–72.

Department of Education. (2005). *Bridging learning gaps: Department of Education handbook.* Department of Education.

Department of Education. (2015). *DepEd Order No. 8, s. 2015: Policy guidelines on classroom assessment for the K to 12 basic education program.* Department of Education.

Department of Education. (2016). *Curriculum guide for Filipino (Grades 7–10).* Department of Education.

Department of Education. (2016). *K to 12 curriculum guide in Filipino (Grades 1–10).* Department of Education.

Department of Education Regional Office. (2020). *Regional Memorandum No. 91, s. 2020: Elements of learning material development and subject color coding.* Department of Education.

Department of Education. (2022). *Regional study on grammar issues among Grade 7–10 students.* Department of Education Regional Office Report.

Dela Cruz, J. P. (2018). *Pagsusuri sa gramatikal na kahinaan ng mga mag-aaral sa junior high school: Pagkakapalit ng ayos ng pangungusap at kakulangan sa paggamit ng pangawing* [Hindi nailathalang pananaliksik]. Philippine Normal University.

Estera, J. E. D. (2024). *Piling Larang Akademik: Suplementaryong aklat–teknolohiya batayang pagkatuto (PLAS ATBP) sa pag-aaral ng sulating Filipino.* Sorsogon State University.

Estera, J. E., & Marbella, F. D. (2024). Piling larang akademik suplementaryong aklat-teknolohiya batayang pagkatuto (PLAS ATBP) sa pag-aaral ng sulating Filipino. *International Journal of Research Studies in Education, 13*(5), 15-28. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24023

Fauth, B., Decristan, J., Rieser, S., Klieme, E., & Buttner, G. (2019). Student learning in the educational process: The role of material alignment and instructional quality. *Learning and Instruction, 60*, 230–242.

Funciara, M., & Rusello, A. (2021). The impact of grammatical competence on students' writing quality. *Journal of Language and Education Research, 15*(2), 55–68.

Gannaban, M. L. (2013). *Pagsusuri sa kakayahang lingguwistika ng mga mag-aaral sa Filipino.* University of Santo Tomas Press.

Garcia, L. (2019). *Ebalwasyon ng kasanayang gramatikal sa sulating akademiko ng mga mag-aaral sa ikatlong taon sa sekondarya* [Hindi nailathalang tesis sa masteral]. Philippine Normal University.

Gilana, A. F. (2023). *E-Gramatika: Elektronikong modyul sa pagtuturo ng balarilang Filipino.* Sorsogon State University.

Gleason, H. A. (1961). *An introduction to descriptive linguistics.* Holt, Rinehart and Winston.

Gonzales, M. (2017). *Mga karaniwang problema ng mga mag-aaral sa paggamit ng malaking titik sa simula ng pangungusap* [Hindi nailathalang tesis sa masteral]. Pamantasan ng Pilipinas.

Gudavicius, A., & Suminas, A. (2018). Book covers as marketing tools: A content analysis of Lithuanian fiction book covers. *Journal of Documentation, 74*(2), 430–446.

Huerta, M. C., Perez, L. J., & Santos, R. M. (2013). The role of grammar competence in effective written communication among students. *Journal of Language Teaching and Research, 4*(2), 211–219.

Hyati, E., et al. (2015). Linguistic competence and speaking performance of English education study program students of Swirijaya University. *CORE.ac.uk.*

Jandhyala, S. (2021). Visual learning tools and their impact on young learners' curiosity and critical thinking. *International Review of Education Research, 18*(4), 201–215.

Jingga, A. D. (2013). *Development and evaluation of instructional materials for effective teaching and learning* [Unpublished master's thesis]. Polytechnic University of the Philippines.

Laurel, J. (2022). *Pagbuo ng mga gawaing pagkatuto batay sa lebel ng kaalaman ng mga mag-aaral* [Hindi nailathalang pananaliksik]. Pamantasan ng Pilipinas.

Lachica, A. (1999). *Wika ng retorika.* MK Imprint.

Looc, P., Santos, A., & Villanueva, R. (2014). Mga suliranin sa kapitalisasyon at pagbabantas sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa sekondarya. *Philippine Journal of Language and Education, 5*(2), 44–58.

Lopez, J. M. (2025). *Gabay-materyal sa paggawa ng pormal na panulat sa mga guro ng elementarya.*

Lopez, M. (2016). *Pagkakamali ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga daglat sa wikang Filipino* [Hindi nailathalang pananaliksik]. Pamantasan ng Santo Tomas.

Mallari, J. P. (2015). *Pagsusuri sa paggamit ng "din" at "rin" sa junior high school: Isang pag-aaral sa ponolohiya* [Hindi nailathalang master's tesis]. Philippine Normal University.

Manaol, J. (2014). *Ang kahalagahan ng gramatika sa pagbubuo ng pangungusap at pagpapahayag ng ideya.* University of the Philippines Press.

Misa, R. (2021). *Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng Ramon Magsaysay State University. Asian Journal of Social Science Research, 5*(10), 58–68.

Nasifeh, S., & Balakrishan, M. (2014). Letters as primary elements in message communication: An analysis of written expression in education. *International Journal of Language Studies, 8*(3), 45–58.

Palitan, J. (2014). *Pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral sa karaniwang pagkakamali ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng pandiwa at pang-uri sa wikang Filipino* [Hindi nailathalang pananaliksik]. Pamantasan ng Pilipinas.

Park, J., & Lim, S. (2004). The effectiveness of illustrations in instructional materials for improving learning comprehension. *Educational Media International, 41*(2), 123–124.

Payangdo, J. D. (2024). *Kakayahang paggramatika ng mga mag-aaral ng Batsilyer sa Sining sa Filipino.* Benguet State University.

Peacock, M. (2007). The importance of material quality in achieving learning outcomes. *ELT Journal, 61*(2), 144–152.

Resuello, M. R., & Funclara, R. R. (2021). *Gramatikal na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino.*

Reyes, L. (2018). Pagkakaiba ng pasalita at pasulat na anyo ng wika at ang epekto nito sa pagbabaybay ng mga mag-aaral. *Philippine Journal of Linguistics, 12*(3), 45–56.

Reyes, L. (2020). *Epekto ng maling paghahati ng salita sa kalidad ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral sa senior high school* [Hindi nailathalang master's tesis]. Pamantasan ng Pilipinas.

Rivera, J. (2014). *Ang paggamit ng "ng" at "nang" sa mga sanaysay ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang* [Hindi nailathalang master's tesis]. Pamantasan ng Santo Tomas.

Rossiter, A. (2021). The importance of grammar. *Online Submission.*

Salandanan, G. G. (2011). *Teaching and the teacher.* Lorimar Publishing Inc.

Santiago, L., & Tiangco, M. (2016). *Pag-aaral sa karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa paggamit ng pangatnig sa pagsulat ng sanaysay* [Hindi nailathalang pananaliksik]. Pamantasan ng Santo Tomas.

Santos, G. T., & Villanueva, K. D. (2013). Pagsusuri sa mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan. *Wika at Panitikan Journal, 6*(1), 14–26.

Santos, L. K. (1940). *Balarila ng Wikang Pambansa.* Surian ng Wikang Pambansa.

Santos, L. K. (2018). *Balarila ng Wikang Pambansa.* Aklat ng Bayan.

Santos, M. R. (2019). *Ang pagsusuri sa maling paggamit ng mga pang-abay na panlinaw na "din/rin" at "daw/raw" sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino* [Hindi nailathalang master's tesis]. Polytechnic University of the Philippines.

Satubal, M. E. (2012). *The effect of instructional materials on students' interest and learning performance* [Unpublished master's thesis]. University of the Philippines.

Tanli, C. T., & Yon, M. H. (2020). Mobile phones: The effect of its presence on learning and memory. *PLOS ONE, 15*(8), e0219233.

Torres-Yu, R. (2004). Pagpapayaman ng wikang Filipino sa panahon ng globalisasyon. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 10*(1–2), 15–32.

Zulueta, F. M. (2006). *Principles and methods of teaching.* National Book Store.